## Mga NILALAMAN Ngayon

✦

PAKINGGAN MO
*Tula ni Dapit-Hapon*

MATUTUWA SIYA
*Kuwento ni Vicente G. Cruz*

LAKAS NG PUSO
*Kuwento ni Jesus S. Esguerra*

BARUNG-BARONG NG ISANG DAKILA
*Kuwento ni M. B. Mababangloob*

LABI
*Kuwento ni Genoveva D. Edroza*

ANG TALA SA NAYON
*Kuwento ni Ernesto Ricafort*

ANG MAY DUSANG PUSO
*Nobela ni I. Ed. Regalado*

SA KUKO NG MGA GANID
*Salaysay ni J. Santos Madlang-bayan*

ANG "PAPEL DE HAPON"
*Salaysay ni Lope K. Santos*

PAMPAARALAN
*Pitak ni Gng. A. F. Villanueva*

ANG DIGMAANG SUSUNOD
*Salaysay ni L. Magsarili*

ISANG "SAMA NG LOOB" NI RIZAL
*Salaysay ni Cirilo Bognot*

IBONG WALANG PUGAD
*Tulambuhay ni I. Ed. Regalado*

SA PAKPAK NG NOBYEMBRE
*Tula ni Ruben Vega*

TULANG PAMBATA
*Ni Jose Katindig*

MGA SALITANG MAGKAKA-SINGKAHULUGAN

KATATAWANAN

PANGHULING TALATA



IÑIGO ED. REGALADO
*Patnugot*

GEMILIANO PINEDA
*Punong Manunulat*

# Ilang-Ilang

**Ligaya't Aliw ng Lahat ng Tahanan**

MARIANO JACINTO
*Tagapaglathala*

BONIFACIO LIMBO
*Tagapangasiwa ng Anunsiyo*

*Pasulatan at Tanggapan: 40 Santamesa, Maynila*

**TAON I** **NOBYEMBRE 10, 1945** **BLG. 4**


## Pakinggan Mo . . .

Isáng batang di pa halos marunong na magsalitâ
ang kalong ng kanyáng lolong sa apó ay tuwáng-tuwâ,
bawa't bagay na mákita, ang batà ay may usisà,
bawa't tanóng namán nitó'y sinásagót ng matandâ.

Itinurò ang bulaklák. Anáng lolo: "Iyán, amáng,
ay bulaklák na mabangó ng mabulas na halaman,
habang di pa nalálantá ay may-gandá at may-kulay,
nguni't kapág naluóy na'y pamparumí sa bakuran."

Ang ibon ay itinurò. "Iyán, anyá'y isáng ibon,
umáalís kung umaga, nagbábalík kapág hapon,
habang siyá ay may pakpák, patí langit, hinahamon,
nguni't kapág nalugás na'y sa lupà rin humáhantóng."

Itinuro'y punung-kahoy. "Punung-kahoy iyán, anák,
sa alagà ng may-arì ay may bungang napípitás,
may lilim sa napapagod at may dagtáng silbíng-lunas,
nguni't kapág humapay na'y tatal lamang na paningas."

Itinurò namá'y yagít. "Iyá'y yagít, yagít lamang,
pampasukal pamparumí sa lahát ng károonan;
nguni't iyán, aking bunsô, mahalagá noóng araw,
nang mapawì na ang gandá, tinitisod, nilúluráy."

At ang batà ay tumigil. Ang matanda'y nagpatuloy:
"Kayâ ngà ba, bunsóng giliw, tandaán mo buhat ngayón,
maaaring bawa't isá'y gintong lantáy ng panahón,
pagdatíng ng takdáng guhit, isáng hamak na panapón."

Nagpatuloy pa rin siyá: "Habang tayo ay may-lakás,
simpanín ang bawa't bagay at tipirín patí oras,
kung halaman tayo ngayón, dupong na lang tayo bukas,
ang bulaklák, magandá lang habáng hindì nalúlugás."

Ang matandâ namán ngayón ang nagturò sa orasán.
"Pakinggán mo, aking bunsô, ang tik-tak na banay-banay,
iyá'y relós ng panahón at pintíg ng ating buhay,
yumayaong waláng balík bawa't tik-tak na magdaán."

"Batà ka pa hanggá ngayón, nguni't bukas-makalawá
tao ka nang may panimdím, may tungkulin at panata,
bawa't saglít na magdaán kapág iyóng inaksayá
parang gintong itinapon sa líbingan ng pag-asa."

*DAPIT-HAPON*